




ANG KAPISTAHAN NG MAHAL NA PUSO NI JESUS

Hermanidad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision sa Pagsasalin

Misa "Cogitationes"

• I cl. • Doble I cl. • Puti

Maiksing Pagninilay

Bisperas bago Siya magpakasakit, dalawang damdamin ang naglalaban sa Kaniyang kamahal-mahalang Puso: ang ligaya dahil sa pagliligtas na gagawin Niya sa pamamagitan ng pagtitiis at paghihirap, at ang dalamhati dahil sa pagkahiwalay Niya sa ating mga tao. Mahal na mahal tayo ni Hesus kaya't ninais Niyang mag-iwan ng kaniyang alaala, hanggang sa katapusan ng mundo: at ito ang Banal na Misa. Sa ilalim ng anyong tinapay at alak, nanantili si Hesus sa atin. Pinapakain tayo mismo ni Hesus; at hindi lamang ito sa katawan kundi sa kaluluwa. Ibinigay Niya ang kaniyang sarili bilang pagkain sa mga kaluluwa. Marapat na tawagin itong "Sakramento ng Pag-ibig." Ngunit madalas nating limutin na tanggapin at patuluyin Siya sa ating kaluluwa nang mas marapat. Ilang ulit sa ating ipinaliliwanag ng mga Apostol, ng mga Pantas ng Simbahan, at ng lahat ng mga nag-iingat sa ating mga kaluluwa na makararating tayo sa Langit kung isasabuhay natin ang Eukaristya. Marami ngayon ang tumatatanggap ng banal na Katawan at Dugo ni Kristo na parang wala lang. Alalahanin natin ang sinabi ni Apostol San Pablo sa atin na suriin ang sarili bago makisalo sa hapag ng Panginoon. Si Kristo, buhay at tunay, kaluluwa at pagka-Diyos ang ating tinatanggap. Purihin at sambahin natin si Hesukristo sa Banal na Sakramento sa Altar.

PAGTATALAGA SA KAMAHAL-MAHALANG PUSO NI JESUS

Pagkatapos nito, maaring sariwain ang Pagtatalaga sa Kamahal-mahalang Puso ni Hesus, *o ang* Pagbabayad-puri sa Kamahal-mahalang Puso ni Hesus:

KATAMISTAMISANG JESUS, MANANAKOP NG SANGKATAUHAN, tunghayan Mo kami na nagpapatirapa nang buong kapakumbabaan sa harap ng iyong dambana: kami'y Iyo at ibig namin maging Iyo: at ng upang mabuhay na nakikiisang mahigpit sa Iyo, umaalalay kaming lahat sa araw na ito sa Iyong kamahal-mahalang Puso. Marami, sa kasawiang-palad, kailanma'y hindi nakakakilala sa Iyo, marami, sa pagpapawalang-halaga ng Iyong mga utos, at nagtaksil sa Iyo. O Jesus na kalunos lunos, mahabag Ka po sa kanila, at akitin Mo silang lahat sa Iyong kamahal mahalang Puso.

Panginoon, maghari Ka po, hindi lamang sa mga tapat na anak na kailan ma'y hindi po lumayo sa Iyo, kundi gayundin sa mga nag-alibughang nagpabaya sa Iyo; gawin Mo rin na madaling bumalik sila sa bahay-ama, upang huwag mamatay sa gutom at kahirapan.

Maging Hari ka nawa niyaong dahilan sa udyok ng kaaliwan at espiritu ng pagsasamaan ng loob, ay namuhay na hiwalay sa Iyo; ibalik Mo po sila sa dalampasigan ng katotohanan at pagkakaisa ng Pananampalataya, upang sa madaling panahon ay maging isa na lamang ang Rebano sa pamahalaan ng iisang Pastor. Maghari ka sa mga nananatili pa hanggang ngayon na nababalot sa kadiliman ng idolatria (pagsamba sa hindi tunay na Dios) o Islamismo; marapatin Mo silang akitin lahat sa liwanag ng Iyong kaharian. Sa katapusan, titigan ng mga mata Mo ang bayan na unang dako'y naging pinakamahal mong anak.

Pagkalooban Mo po, O Panginoon, ng katatagan at kalayaang matibay ang iyong Santa Iglesia: igawad sa lahat ng mga bayan ang katahimikan at katiwasayan: gawin mo sa magkabikabilang-panig ng lupa'y walang maririnig kundi itong tinig: "Purihin nawa ang Pusong Mahal ni Jesus, mula ng ating kagalingan: sa kanya ipatungkol ang awit ng karangalan at kaluwalhatian sa lahat ng panahon ng mga panahon." *Siya nawa.*

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominationibus, cumque omni militia cælestis exercitus, hymnum glóriæ tuæ cānimus, sine fine dicentes:

— Sanctus, Sanctus, Sanctus...

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian:

— **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Jn 19:34

UNUS militum lancea latus eius aperuit, et continuo exivit sanguis et aqua.

TINUSOK ng sibat ng isa sa mga kawal ang kanyang tagiliran at biglang lumabas ang dugo at tubig.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

PRÆBEANT nobis, Dómine Iesu, divinum tua sancta fervórem: quo dulcissimi Cordis tui suavitate percépta; discamus terréna despícere, et amáre coeléstia: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

PANGINOONG JESUCRISTO, magdulot nawa sa amin ng banal na pag-ibig ang aming tinanggap na sakramento, upang kaming nalasap ang tamis na dulot ng Iyong kamahal-mahalang Puso, matutuhan nawa namin na itakwil ang mga bagay napaparam upang mahalin namin ang mga bagay na makalangit na nagtatagal. Ikaw na nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 32:11, 17

COGITATIONES Cordis eius in generatióne et generatióne: ut éruat a morte ánimas eórum et alat eos in fame. (T.P. Alleluia, alleluia) — *Ps 32:1* Exsultáte, iusti, in Dómino: rectos decet collaudatio. *V.* Gloria Patri. Cogitationes.

ANG MGA BALAK ng kaniyang Puso'y sa lahat ng salinlahi: upang iligtas sila sa kamatayan at pakanin kung nagugutom. (P.P. Aleluya, aleluya) — *Salmo 32:1* Mga matuwid, magalak kayo sa Panginoon: marapat ang papuri ng mga matuwid. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ang mga balak...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui nobis in Corde Filii tui, nostris vulnerato peccatis, infinitos dilectionis thesauros misericórditer largiri dignaris: concéde, quæsumus; ut, illi devótum pietátis nostræ præstátes obséquium, dignæ quoque satisfactiõnis exhibeamus officium. Per eúndem Dóminum.

O DIOS, sa Mahal na Puso ng iyong Anak na nasugatan dahil sa aming mga kasalanan, dinulututan mo kami ng walang hanggang kayamanan ng iyong awa't habag: loobin Mong pag-ukulan namin Siya ngayon ng tapat at masusyong paglilingkod bilang isang marapat na pagbabayad ng aming mga nagawang pagsuway. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

SULAT • Ef 3:8-12, 14-19

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso.

MGA KAPATID: Ako ang pinakahamak sa lahat ng mga pinili ng Dios. Gayunma'y minarapat niyang ipagkaloob sa akin ang natatanging kagandahang-loob na ito, na ipangaral sa mga Hentil ang Magandang Balita tungkol sa di-masukat na kayamanan ni Cristo, at upang maipaunawa sa lahat kung paano isasagawa ng Dios ang kanyang lihim na plano. Sa mga nakaraang panahon ay inilihim ito ng Dios na lumikha ng lahat ng bagay. Ginawa niya ito upang sa pamamagitan ng iglesia ay maipakilala ngayon sa mga pinuno at mga maykapangyarihan sa sangkalangitan ang walang hanggang karunungan ng Dios na nahahayag sa iba't ibang paraan. Ito'y alinsunod sa kanyang layuning bago pa man likhain ang sanlibutan. Tinupad niya ang layuning ito sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

Dahil sa ating pakikipag-isa kay Cristo at sa pamamagitan ng ating pananalig sa kanya, makakalapit tayo sa Dios nang may pagtitiwala at panatag ang loob. Dahil dito, ako'y lumuluhod sa harapan ng Ama, na mula sa kanya'y nagkakaroon ng pangalan ang bawat sambahayan sa langit at sa lupa. Idinadalangin kong sa pamamagitan ng kanyang Espiritu ay palakasin niya ang inyong buhay espirituwal ayon sa kanyang kayamanan at kadakilaan. Nawa'y manatili si Cristo sa inyong mga puso sa pamamagitan ng inyong pananalig. Dalangin ko na ang pag-ibig ang maging ugat at pundasyon sa lahat ng inyong gawain upang inyong lubusang maunawaan, kasama ng mga hinirang ng Dios, kung gaano kalawak, kahaba, kataas, at kalalim ang kanyang pag-ibig. At nawa'y maunawaan ninyo ang pag-ibig ni Cristo na hindi kayang abutin ng pag-iisip at sa gayo'y mapuspos kayo ng buong katangian ng Dios. — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 24:8-9; Mt 11:29

DULCIS et rectus Dóminus: propter hoc legem dabit delinquentibus in via.
V. Diriget mansuetos in iudicio, docebit mites vias suas.

Allelúia, alleluia. **V.** Tóllite iugum meum super vos, et discite a me, quia mitis sum et húmilis Corde, et inveniétis réquiem animabus vestris.
Allelúia.

BUTIHIN at matuwid ang Panginoon: itinuturo Niya sa mga makasalanan ang dapat na landas.

V. Pinapatnubayan niya ang mga mababang-loob sa kabanalan, at itinuturo sa kanila ang Kaniyang mga landas.

Aleluya, aleluya! **V.** Pasanin ninyo ang aking pamatok, at matuto kayo sa akin; sapagkat ako'y maamo at may mapagpakumbabang Puso at makakatagpo kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Jn 19:31-37

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOO'Y ARAW NG PAGHAHANDA, at ayaw ng mga Judio na manatili sa krus ang mga bangkay hanggang sa Araw ng Pamamahinga, dahil natatangi ang Araw na iyon ng Pamamahinga. Kaya't hiniling nila kay Pilato na ipabali ang mga binti ng mga ipinako sa krus at alisin ang mga bangkay. Pumunta nga roon ang mga kawal at binali ang mga binti ng dalawang ipinakong kasama ni Jesus. Ngunit pagdating nila kay Jesus at makitang patay na siya, hindi na nila binali ang kanyang mga binti. Subalit sinaksak ng isang kawal ang tagiliran ni Jesus sa pamamagitan ng sibat at agad lumabas doon ang dugo at tubig.

Ang nakakita nito ang nagpatotoo upang kayo rin ay maniwala. Totoo ang kanyang pahayag at alam niyang katotohanan ang sinasabi niya. Nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinasabi sa kasulatan, “Walang mababali isa man sa kanyang mga buto.” At may bahagi pa rin ng kasulatan na nagsasabi, “Pagmamasdan nila ang kanilang sinaksak ng sibat.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 68:21

IMPROPERIA expectávi Cor meum et misériam: et sustínui, qui simul mecum contristarétur, et non fuit: consolántem me quæsívi, et non invéni.

DAHIL SA PAGLAIT, nawasak ang aking Puso: at ako'y nanlupaypay. Naghanap ako ng mahahabag sa akin subalit wala isa man: kahit mang-aaliw sana sa aki'y walang masumpungan.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

RESPICE, quæsumus, Dómine, ad ineffábilem Cordis dilécti Filii tui caritátem: ut quod offérimus sit tibi munus accéptum et nostrórum expiatio delictórum. Per eúndem Dóminum.

TUNGHAYAN Mo ang di-malirip na pag-ibig ng Mahal na Puso ng iyong Anak, upang ang aming handog ay maging kalugod-lugod sa Iyo at maging bayad para sa aming mga kasalanan. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO NG MAHAL NA PUSO NI JESUS

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnípotens, ætérne Deus:

Qui Unigénitum tuum, in Cruce pendéntem, lancea militis transfigi voluísti: ut apértum Cor, divínæ largitátis sacrárium, torréntes nobis fúnderet miseratiónis et grátia: et, quod amóre nostri flagrâre numquam déstitit, piis esset réquies et poeniténtibus pater et salútis refúgium.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoong banal, Amang makapangyarihan at walang hanggang Diyos.

Niloob mo na ang Bugtong mong Anak ay malagusan ng sibat sa kaniyang pagkabayubay sa Krus: upang sa kaniyang bukas na Puso, tulad ng isang masaganang bukal na awa ng Diyos, dumaloy sa amin ang awa't biyaya. Upang sa kaniyang puso na laging nagdiringas para sa amin, ay para sa mga namimintuho ay makatuklas ng kapayapaan, at ang mga nagsisisi ay makatagpo ng kaligtasan.